IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI



**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Tuesday 21 May 2002 (afternoon)
Mardi 21 mai 2002 (après-midi)
Martes 21 de mayo de 2002 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d'y être autorisé.
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A soit la section B. Écrire un commentaire comparatif.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.

*Piliin ang alinman sa Seksyon A o Seksyon B.*

**SEKSYON A**

*Surlin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 1** (a)

**ANG ATING KAPALIGIRAN**

Sa kanyang talumpati'y parang isang banal na panata ang tinuran ng kalihim: ang pangangalaga sa kapaligiran ay dapat na maging isang uri na ng pamumuhay ng bawat Pilipino. Ang pagmamahal sa bundok, patag, ilog, dagat, simoy ay kasindalisay at kasingbanal ng pagmamahal ng tao sa Lumikha. Ang gobyerno ay isa lamang sanga ng pangangalaga sa kapaligiran, isa lamang tagapangasiwa at tagapamagitan – sa kalahatan ang buong sosyedad ang siyang may napakalaking bahagi na gagampanan.

Sa isang maikling pagsasalita para magpasalamat, Si Cecile Guidote Alvarez na isang tunay na kabalikat ng kanyang bana sa mga gawaing pangkapaligiran ay nagsatinig ng kanyang pananaw hinggil sa kapaligiran bilang isang alagad ng sining.

Sa kanyang talumpati, sinabi ni Cecile na ang mga usapin sa kapaligiran ay isang pambansang adhikain ng buong sosyedad. Sinasabi ng asawa ng kalihim na ang pangangalaga sa kapaligiran ay nakaatang sa bawat isa: matanda, bata, magulang at anak.

Ayon kay Cecile, ang unang hakbang sa pagtatanggol at pangangalaga sa kapaligiran ay sa larangan ng kultura: sa edukasyon, sa literatura, sa teatro, pelikula, telebisyon at iba't ibang bahagi ng pangmasang desiminasyon ng isang kultural na kamalayan sa buong bayan. Inilarawan niyang ang pangangalaga sa kultura ay dapat na maging bahagi ng edukasyunal na pagpupunyagi ng sistemang pangkarunungan ng buong lipunan.

Sa isip ko ang kapaligiran ay nagsisimula sa aming tahanan.

Hindi ko alam kung ito'y dahil sa ako'y isang babae. Para sa akin, kagaya ng maraming mga taliba ng kapaligiran ang unang hakbang sa pangangalaga ng paligid ay ang pagsasaayos ng ating mga basura sa ating bahay. Ibinubukod-bukod na ang mga basurang bahay, kagaya ng mga balat-balat, ng mga papel-papel, ng mga goma-goma, ng mga bakal-bakal. Ang mga iyon ay magkakabukod na inilalagay sa tanging ipunang plastik. At magkakahiwalay na iniaabot sa mga trak ng basura.

Bukod doon, ang kapaligiran sa amin ng bana ko'y ang isang makitid-kitid na parsela ng lupa sa tagiliran ng tennis court na kaharap ng aming kainan. Ang ginawa ng bana ko, tinaniman ito ng mga puno, niyog, kaimito, santol, abokado, mangga, atis at pagkalipas ng mahigit na 20 taon, ang lugal na ito ay naging isang malilim na lugal, malamig ang simoy kung tag-init at laging may buhay.

Sipi mula sa sanaysay na **Ang Ating Kapaligiran** ni Edna May Obien nalathala sa kolum na *Tinging Babae*, 2001

**Teksto 1** (b)

**INANG DAIGDIG**

Kay ganid ng tao
Itinataboy mong buong pagkalupit
Mga kalaro ko na kinakatalik
Paruparong bukid
Palaka't kuliglig
Isdang lumalangoy
At ibong sa langit.

Makinig ka, sakim
Dinggin ang tinig ng sangkabataan
Hinaing ng musmos ng lahi at bayan
Buhayin ang ilog
Gisingin ang lupa
Alo'y paawitin
Sumayaw sa hangin.

Musmos ay pakinggan
Ialay sa amin ay Inang Daigdig
Wagas at busilak sa kinabukasan
Iagdon mo kami
Sa luntiang bundok
Sa buhay na parang
Sa masamyong simoy
Sa awit ng alon.

Ang Inang Daigdig
Ay ating sagipin
Ang Inang Daigdig
Ay ating mahalin!

Tula ni lnggong Latigo, *RP Daily Expose*, April 5, 2001

**SEKSYON B**

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 2** (a)

**SANDAANG DAMIT**

Matigas talaga sa paninindigan si Dario at kahit na anong pigil ko sa kanya upang talikuran na ang Kilusan ay hindi niya ako pinakinggan. At ako'y nainis sa kanya. Naisip kong kung ngayon pa lamang ay binabale-wala na niya ako, ano pa kung magkatuluyan na kami.

"Maghiwalay na tayo," hamon ko sa kanya. "Kapag sinuman sa dalawang tao'y di na magkasundo, makabubuti pang maghiwalay na sila."

"Mahal naman kita, a. Ikaw lang naman ang nagpapalaki ng problema."

"Hindi mo 'ko mahal. Ang sinusunod mo'y sariling kagustuhan lamang."

"Kaya ko ginagawa ito'y di dahil sa sariling kapakanan."

"A, nagpapakabayani ka na pala."

"Huwag mo 'kong tuyain."

"Tingnan mo, talagang hindi na nga tayo magkasundo."

"Ikaw kasi ang nagpapasimula."

Lalo akong nainis, ako pa ang sinisi. Tumayo ako't mabilis, padarag kong dinampot ang aking mga gamit noon.

"Basta tinatapos ko na ang lahat sa 'tin. Sige lang, marami ka namang mapagpipilian sa mga kasama mong babae sa Kilusan."

Sipi mula sa maikling kuwentong **Sandaang Damit** ni Fanny A. Garcia, *Sigwa*, 2001

**Teksto 2** (b)

**PAMAMAALAM**

Maglalakbay muna ako, mahal
Ikaw na muna'ng bahala sa bahay.
Iniwan ko ang walis sa likod ng pinto,
    ang mopler sa may labahan.
Kung magutom ka'y maraming ulam sa ref,
    magluto ka na lamang ng iyong ibig.
Ang sabong panlaba'y nasa tabi ng washing machine.
Ang mga bihisan mo'y nasa dating lalagyan
At huwag mong kalimutang ipasok ang mga sampay
    kung sakaling umulan.
Lalakad na ako, mahal.
Ikaw muna'ng bahala sa bahay.
Siguraduhin mong sarado ang mga bintana't pinto
    bago ka matulog, ha?
Patayin mo rin ang mga ilaw.
Mag-iwan ka ng isang bukas para sa akin,
    kung ibig mo.
Babalik naman ako.

Tulang **Pamamaalam** ni Vivian N. Limpin, *Sertipikado*, 1998

---